## HINIRANG NA BANAL NG DIYOS

*A Lord's Flock General Assembly Topic*
Ni: Sis. Techie M. Rodriguez
Pebrero 18, 2023

Ang apat na mangingisda: si Pedro, ang kanyang kapatid na si Andres, sina Santiago at Juan, mga anak ni Zebedeo ay mga banal na hinirang ni Hesus na mamamalakaya ng mga tao. Sila agad ay sumunod sa Kanya at iniwan ang kanilang mga lambat at pamilya (Mk. 1:16-20). Lubos silang naakit kay Hesus kaya't naging ganap ang pagbabago ng takbo sa kanilang mga buhay. Ang aming Elder-Founder, Sis Techie (Soar) na ang buhay ay binago noong 1980 ay banal na hinirang ng Diyos. Siya ay isang babaeng may malalim na pananampalataya dahil siya ay naniniwalang ang mga dakilang bagay ay posible sa Diyos. Sa ating pananaw, nais din ng ating pinakadakilang Diyos na mahirang tayong banal. Kung hahayaan lang nating bukas ang ating kalooban at handang sumunod sa pahiwatig ng Banal na Espiritu na mamumuno at gumagabay sa atin, tayo ang pinaka-angkop na maglilingkod sa Kanya.

**Upang tularan si Kristo, dapat nating gawin ang sumusunod na nakapagliligtas na gawain:**

**1.Mamamalakaya ng mga tao**. Dapat tayong maging"*soul winners"* sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga hindi pa nakakakilala kay Hesus. Dapat tayong tumulad sa Panginoon (1 Thess. 1:6). Iniwan Niya ang langit at ang Kanyang pagka-Diyos upang makasama ang sanlibutan. Kumain Siya kasama nila sa kasalan sa Cana, nakihalubilo sa mga maniningil ng buwis, at sa huli ay ipinako sa krus pagkatapos ng pagpapalaganap Niya ng ebanghelyo. Katulad nito, ang mga misyonero ay mga halimbawa ng ebanghelisasyon dahil iniwan nila ang kanilang mga tahanan/pamilya at kaginhawaan upang ipakilala si Jesus sa iba (Mt.19:29).

**2. Pangingisda sa gabi.** Tayo ay naninirahan sa isang maruming kapaligiran at magulong mundo na puno ng mga kasalanan at kasamaan bagaman ang tao ay ginawa ng Diyos na mabuti. May mga tao na hanggang ngayon ay nasa kadiliman pa rin at nagdurusa dahil sa kasalanan. Kailangan natin na makipagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ni Hesus. Bukod dito, ang pinakamabisang panghuli ng isda sa gabi ay sa pamamagitan ng paggamit ng pain at liwanag. Sa parehong paraan, hayaan natin na ang ating liwanag ang tanglaw ng mga taong nasa kadiliman, upang kanilang makita ang kabutihan ng Diyos sa atin.

**3. Isang panawagan para sa marangal na pakikisama.** "Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mamamalakaya ng mga tao." (Mt. 4:19) Sa panahon ni Hesus, nagsugo Siya ng mga alagad na tig-dalawa upang suportahan ang bawat isa at magtulungan para sa Diyos (1 Cor. 3:9).

**4.Isang panawagan sa pagpapalaganap ng ebanghelyo.** Ang ebanghelisasyon ay nagpapayo at nangangaral ng Mabuting Balita. Gawin natin sentro si Hesus sa ating usapan. Bukod dito, tayo ay dapat manalangin nang mataimtim upang ituro ng Banal na Espiritu Santo ang dapat nating hilingin, dahil binigyan tayo ng Diyos ng espiritu ng kapangyarihan, pag-ibig at pagpipigil sa sarili (2 Tim. 1:7). Bukod dito, hikayatin natin sila na maranasan ang pag-ibig ng Diyos.

**5. Ipadama ang pagmamahal ng Diyos sa iba**. Nawa maging huwaran tayo sa pamumuhay na maka-Diyos upang tularan tayo ng iba. Hayaan silang magbahagi rin ng kanilang mga kuwento at makinig nang mabuti upang madama ang kanilang kalungkutan at saya.

**Sa paanong paraan nagiging ebanghelistiko ang komunidad?** Kung sa loob ng isang taon, ang isang miyembro ay nakapagdala ng isang taong hindi pa nakakakilala kay Kristo.

**Sino ang mga mananampalatayang nakahahawa?** NAKAHAHAWA KA PARA KAY HESUS, kung ikaw ay tinutularan ng ibang nananampalataya tulad ng mgaTesalonica at Filipos. Naging huwaran sila dahil ang kanilang pananampalataya ay nakilala sa buong rehiyon.

**Konklusyon:**

Nawa tayong lahat ay maging mananampalatayang nakahahawa. Ikalat ang grasya at katotohanan ng Diyos upang makapag-iwan ng maluwalhating marka sa buhay ng mga taong nakakasalamuha natin.

**Pagninilay:**

1.Kailan ka nahirang na banal ng Diyos?
2. Posible bang makapagdala ng isang "seeker" sa komunidad sa loob ng isang taon? O mas mainam na higit pa sa isa?

**Isinalin ni:** Sis Mayflor T. Barcita
**Na-edit ni: Nida A. Cruz**
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
**Tag: #Ebanghelisasyon #Misyon**